

Magparehistro ngayon para  
maging isang donor ng bahagi  
at himaymay ng katawan.

**be**adonor.ca



## Magparehistro ngayon online para maging donor ng isang bahagi at himaymay ng katawan.

Ang isang donor ay maaring makapagligtas ng hanggang sa  
walong buhay at makapagdagdag ng kasing dami ng 75 pa.

### Ilang mga katotohanan...

- Ang una at pangunahing tungkulin ng mga propesyonal ng pangangalagang pangkalusugan ay ang makapagligtas ng isang buhay. Nagiging isang opsyon lamang ang pagbibigay ng bahagi at himaymay ng katawan kapag ang isang buhay ay hindi maaaring mailigtas.
- Ang lahat ay maaaring maging isang donor ng bahagi at/o himaymay ng katawan anuman ang kanilang edad o kalusugan.
- Ang lahat ng pangunahing mga relihiyon ay sumusuporta sa pagbibigay ng bahagi at himaymay ng katawan o iginagalang ang pagpili ng isang tao.
- Ang pagbibigay ng bahagi at himaymay ng katawan ay hindi dapat makaapekto sa mga pag-aayos sa pagpapalibing.
- Ang iyong kapasyahan na magbigay ay ipapahayag lamang para sa layunin ng pagpapaalam ng iyong pasya sa iyong pamilya.
- Maari mong baguhin o bawiin ang iyong pahintulot na magbigay sa anumang oras.

## Ang pagrerehistro ng “Oo” ay makagagawa ng malaking pagkakaiba.

Bawat tatlong araw, isang tao sa Ontario ay namamatay habang naghihintay ng isang transplant ng bahagi ng katawan dahil hindi sapat ang dami natin na napagrehistro bilang mga donor. Mas kaunti pa sa 25% ng mga taga-Ontario na nasa sapat na gulang na talagang nagrehistro ng pahintulot upang maging isang donor ng bahagi at himaymay ng katawan.

## Ang pagpaparehistro ay MADALI.

Ikaw ay maaring magrehistro:

- Online sa BeADonor.ca, o
- Ng personal sa alin mang sentro ng ServiceOntario, o
- Sa pamamagitan ng pagkokoreo ng pormularyo ng pahintulot ng Gift of Life

## Magparehistro, kahit na nakapirma ka na ng isang donor kard.

Ang isang pirmadong donor kard ay hindi nakatala sa database ng Ministry of Health and Long-Term Care (Ministryo ng Kalusugan at Pangmatagalang Panahong Pangangalaga) at maaring hindi makuha kung kailangan. Ang pagrerehistro para sa pagbibigay ng bahagi at himaymay ng katawan ang tanging sigurado at garantisadong paraan upang maipalam ang iyong desisyon na makapagligtas ng mga buhay.

Ang **Trillium Gift of Life Network** ay isang hindi pinagkakakitaang ahensiya ng Pamahalaan ng Ontario at may tungkulin sa pagpapalano, pagtataguyod, pagtutugma at pagsusuporta sa pagbibigay ng bahagi at himaymay ng katawan sa buong Ontario at pagpapabuti ng sistema upang mas maraming mga buhay ang maaring mailigtas.

**Upang magrehistro at makakuha ng  
karagdagang impormasyon, bumisita sa  
be**adonor.ca  
o tumawag sa 1-800-263-2833.